Minamahal na Customer,

## Kumpirmasyon ng Panahon ng Pananatili

Maraming salamat sa patuloy ninyong paggamit sa Hekikai Shinkin Bank.
Ang **expiration date ng residence card** na isinumite ninyo ay papalapit na.
Dahil dito, hinihiling namin na gawin ninyo ang mga sumusunod na hakbang.

### 1. Mga customer na nais magpalawig ng kanilang panahon ng pananatili

Pakidala ang inyong residence card, na ilalabas pagkatapos ng pagpapalawig, sa inyong sangay at kumpletuhin ang mga pamamaraan sa counter.

### 2. Mga customer na hindi magpapalawig ng kanilang panahon ng pananatili

Pakidala ang inyong deposit passbook, account seal, at cash card sa inyong sangay at kumpletuhin ang mga pamamaraang pagsasara ng account sa counter.

**Tanda**

Kung hindi ninyo makumpleto ang mga pamamaraan sa 1 o 2 sa itaas matapos matanggap ang abisong ito, **lilimitahan ang inyong mga transaksyon sa pag-expire ng inyong panahon ng pananatili alinsunod sa mga batas at regulasyon, kahilingan mula sa National Police Agency, at mga regulasyon sa deposito.**

Kung kasalukuyan kayong nag-a-apply para sa extension, mangyaring ipaalam sa amin.

* Kung dadaan kayo sa mga pamamaraan na inilarawan sa 1. sa itaas matapos ipataw ang mga restriksyon sa transaksyon, aalisin ang mga restriksyon sa transaksyon.
* Kung natanggap ninyo ang abisong ito nang hindi sinasadya matapos makumpleto ang mga pamamaraan, mangyaring tanggapin ang aming paumanhin at balewalain ang abisong ito.

### Ang pagbili at pagbebenta ng mga savings account ay isang krimen

- Ang pagbili, pagbebenta, o paglilipat ng mga deposit passbook, cash card, o Internet banking ID ay ipinagbabawal ng mga batas at regulasyon ng Hapon, at ang nagbebenta at ang bumibili ay parehong sasailalim sa parusa.
- Kung lapitan kayo tungkol sa pagbili, pagbebenta, o paglilipat ng inyong account, huwag kailanman pumayag.
  Kung ito ay matuklasan, tatangging makipagnegosyo ang Bangko sa inyo sa hinaharap.
- Kung hindi niyo na kailangan ang inyong account dulot ng mga dahilan tulad ng pagbalik sa inyong sariling bansa, mangyaring ikansela ang inyong account.

Pinahahalagahan namin ang inyong pag-unawa at kooperasyon.

THE HEKIKAI SHINKIN BANK